

Setyembre 3, 2020

Minamahal na Mga Magulang / Tagapag-alaga ng Mga Mag-aaral ng Alberta:

Sa pagsisimula ng pag-aaral nitong taong 2020-21, nais kong makipag-ugnay sa inyo sa pagitan ng mga ilang paalala. Kakailanganin nating lahat ng kaunting tulong sa pagpasok natin sa mga paparating na linggo upang gawing komportable ang karanasan ng ating mga anak sa paaralan habang pinamamahalaan namin ang aming sariling pagkabalisa tungkol sa kung ano ang hitsura ng karanasan sa paaralan sa oras ng COVID-19.

### **Pagsasaayos sa pamumuhay na may COVID-19**

Hayaan niyo akong magsimula sa pagsasabing magulang din ako. Alam kong nais nating lahat ang pinakamahasag para sa ating mga anak maging babalik man sila sa isang silid-aralan o sinusuportahan natin ang kanilang pag-aaral sa bahay. Ang pandemikong ito ay mahirap para sa lahat. Ang ating mga anak ay hindi babalik sa paaralan na ang kapaligiran ay pareho sa iniwan nila noong Marso. Ang mga hitsura ng mga bagay o pakiramdam ay hindi pareho sa taong ito.

Para sa aking pamilya, naniniwala ako na ang personal na pagbabalik ng ating mga anak sa mga klase ay bahagi ng pagtiyak sa kanilang pangkalahatang kalusugan. Maaari kang magkaroon ng naiibang pakiramdam at ang iyong mga desisyon ay dapat gawin para sa pinakamagandang interes ng iyong pamilya. Anuman ang iyong pipiliin, ang mga awtoridad sa paaralan ay may programa na naa-angkop sa iyong pasya at ang aking pangkat ay nagtatrabaho upang suportahan ang awtoridad ng paaralan.

### **Patnubay sa publikong kalusugan para sa mga paaralan**

Nakikipagtulungan kami sa aming mga kasosyo sa Alberta Education at Alberta Health Services (AHS) upang mabuo ang patnubay para sa muling pagpasok sa paaralan. Ang mga paaralan ng iyong mga anak at ang mga awtoridad sa paaralan ay may mga plano para sa isa-aksyon ang mga patnubay na ito. Naniniwala ako na ito ang tamang susunod na hakbang upang maibalik ang mga mag-aaral ng Alberta sa mga klase sa paraang na mababawasan ang mga panganib sa COVID-19, ngunit isinasaalang-alang din ang iba pang mga aspeto ng kanilang kalusugan. Ako at ang aking pangkat ay magbabantay sa pagbabalik karanasan sa paaralan upang magamit ang mga impormasyong sa aming payo sa kalusugan ng publiko kung kinakailangan. Ako ay nakatuon na mag-post ng anumang mga bagong order mula Lunes hanggang

Huwebes, at magbabahagi ng impormasyon kapag ang mga bagong order ay nai-post sa online sa pamamagitan ng social media, at sa aking regular na pag-update.

Kung magtutulongan ang lahat upang sundin ang patnubay sa kalusugan ng publiko, mapanatili nating ligtas ang bawat isa. Mangyaring i-screen ang iyong anak araw-araw para sa anumang mga sintomas na nasa listahan na ibinigay ng paaralan. Kung ang iyong anak ay may sakit, mangyaring panatilihin sila sa bahay at maisaayos ang pagsuri sa COVID-19 hanggang sa AHS. Ang mga appointment ay maaaring mai-book online sa [www.ahs.ca/covid](http://www.ahs.ca/covid). Ang ilan sa inyo ay maaaring nakarinig na hindi sulit ang masuri dahil masyadong matagal makakuha ng resulta. Ang AHS ay nagsusumikap upang mapabuti ang oras ng pag-ikot at pag-abiso sa resulta, sapagkat napakahalaga na makakuha ng isang pagsuri at mga resulta sa lalong madaling panahon.

Ang mga paaralan ay naglagay ng mahusay na paglilinis at pagdidisimpekta, mga plano sa pisikal na pagdistansya at mga plano ng pangkat para sa mga mag-aaral. Ang iyong paaralan ay nakabuo ng isang plano para sa pagpapatupad ng mga hakbang na ito sa loob ng tinutukoy na lugar. Mahalaga na ang lahat ng mga miyembro ng iyong pamayanan sa paaralan ay sundin ang planong ito upang mabawasan ang peligro ng transmisyong COVID-19.

### **Paglililaw na kinakailangan sa mask**

Bilang bahagi ng mga hakbang sa kaligtasan upang mabawasan ang COVID-19, iniutos ng probinsya ang paggamit ng mask para sa mga mag-aaral sa grade 4 hanggang 12, at lahat ng mga kawani at bisita. Nalalapat ito sa lahat ng mga tauhan sa lahat ng lugar sa labas ng silid-aralang kung saan hindi mapapanatili ang pisikal na distansyang dalawang metro. Ang mga mag-aaral ay kinakailangang magsuot ng mga mask sa lahat ng karaniwang at mga bahaging lugar, kabilang ang mga pasilyo at sa bus ng paaralan.

Kinikilala namin na ang pagsusuot ng mask sa buong araw sa panahon ng pagtuturo ay maaaring magkaroon ng mga epekto sa komunikasyon at pag-aaral para sa mga bata. Ang patakaran sa mask at patnubay na inihayag noong unang bahagi ng Agosto ay palaging nakasaad, na ang mga mask ay hindi kinakailangan kapag ang mga bata ay nakaupo sa kanilang mga mesa. Kung saan hindi posible ang dalawang metro sa pagitan ng mga mesa, dapat ipuwesto ang mga mag-aaral sa pinakamalayang distansya na posible sa pagitan nila, at sa gayon ay hindi sila magkaharap, tulad ng mga hilera, kaya't malamang na hindi sila umubo o bumahing nang direkta sa mukha ng ibang estudyante. Kung ang malapit na pagtitipon-tipon ng mga mag-aaral, o ang mag-aaral at kawani ay nagaganap dahil sa isang aktibidad na hindi nakaupo, dapat gamitin ang mga hindi pang-medikal na mask sa mukha sa buong oras ng aktibidad.

Ang impormasyon sa itaas tungkol sa mga pangangailangan sa paggamit ng mask ay naging bahagi ng aming patnubay sa loob ng maraming nakaraang linggo, pormal itong pinagtibay noong Agosto 29 sa pamamagitan ng Order 33-2020. Ang kautusang ito ay natapos at naibigay noong katapusan ng linggo bago magsimula ang mga paaralan na may hangaring matiyak na ang mga awtoridad ng paaralan ay maaaring suriin ang utos

bago ito magkabisa sa Agosto 31. Ang kautusan ay hindi binabago ang patakaran o ang aking payo para sa patnubay sa mga paaralan. Humihingi ako ng paumanhin para sa anumang pagkabalisa o pagkalito na maaaring sanhi ng kautusan na ito.

### **Paano matutulungan ang iyong anak na maghanda**

Ang pagsuporta sa iyong mga anak ay kritikal upang pamahalaan ang mga pagbabagong ito. Alam kong maaaring mahirap para sa mga bata na panatiliin ang distansya sa mga kaibigan o manatili sa isang pangkat. Likas sa mga bata sa lahat ng edad na nais maging malapit sa kanilang mga kaibigan at maglaro nang magkasama, lalo na pagkatapos ng mahabang panahon na magkahiwalay.

Maaari kang makatulong sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong anak tungkol sa mga pagbabagong makikita nila sa kanilang paaralan, tulungan silang maging komportable sa pagsusuot ng maskara, ipinapakita sa kanila kung paano hugasan ang kanilang mga kamay at turuan sila tungkol sa kahalagahan ng pagpapanatili ng pisikal na distansya kung posible. Mahalaga rin na tulungan ang ating mga anak na tandaan na maging mahabagin sa iba na maaaring makalimutan ang mga bagong patakaran o hindi makapag-mask. Ang pagsuporta sa bawat isa upang ayusin ang bagong normal ay ang aming pinakamahasag na pangmatagalang depensa.

### **Pagharap sa mga kaso ng COVID-19 sa mga paaralan**

Sa kabila ng lahat ng mga hakbang na gagawin sa paaralan ng iyong anak, maaaring magkakaroon pa rin ng ilang mga kaso ng COVID-19 sa mga lugar ng paaralan. Ang aking pangkat ay bumuo ng isang mapagkukunang gabay upang matulungan ang mga pamayanan ng paaralan na maunawaan kung anong mga kailangang magagamit kapag tumutugon sa COVID-19 sa mga lugar ng paaralan. Kasama rito ang dapat gawin kapag may mga “symptomatic” na mag-aaral o kawani sa paaralan, kung ano ang aasahan kapag ang isang kaso o pagsiklab ay nakilala at impormasyon na ibibigay sa pamayanan ng paaralan. Ang COVID-19 School Outbreak Resource Guide na ito ay matatagpuan sa online sa [alberta.ca/ReturnToSchool](https://www.alberta.ca/ReturnToSchool)

Aabisuhan ka kung mayroong anumang mga kaso ng COVID-19 sa paaralan ng iyong anak. Ang aming mga kasosyo sa kalusugan ng publiko sa AHS ay malapit na makikipagtulungan sa mga tagapamahala ng paaralan upang matiyak na ang lahat ng mga malapit na contact ng anumang kaso ng COVID-19 ay makilala at masabihan nang mabilis hangga't maaari. Malalaman mo rin ang anumang karagdagang mga hakbang sa pampublikong kalusugan na ipinatutupad sa paaralan.

### **Pagsuporta sa kalusugan ng isip**

Sa malalaking pagbabago sa buhay ng ating mga anak sa nakalipas na maraming buwan, natural na maaari silang maging balisa o takot. Kung kailangan niyo ang anumang suporta para sa iyong mga anak o para sa iyong sariling kalusugan sa pag-iisip, maaari kang makahanap ng mga mapagkukunan sa website ng AHS “[Help in Tough Times](#)”. Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnay sa alinman sa mga mapagkukunang nakalista doon kung kailangan mo sila.

**Pagwawakas**

Nais kong magpasalamat sa iyong patuloy na pagsisikap na matulungang pabagalin ang pagkalat ng COVID-19. Ang matagumpay na muling pagpasok ay nakasalalay sa lahat ng mga miyembro ng ating pamayanan sa paaralan na nagtutulungan upang matiyak ang kaligtasan ng lahat ng mga pumapasok sa paaralan. Tayong lahat ay kasama nito.

Nais kong ligtas na bumalik sa paaralan ang iyong pamilya.

Taus puso,

Deena Hinshaw, BSc, MD, MPH, CCFP, FRCP  
Chief Medical Officer of Health

Para sa karagdagang impormasyon sa muling pagpasok sa paaralan, mangyaring bisitahin ang: [alberta.ca/ReturnToSchool](https://alberta.ca/ReturnToSchool).